2022 BEST AGRI-RELATED GOVERNMENT PUBLICATION

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

## 'Love is sweeter' dahil sa kalabaw



ISSN 2507-8933
Tomo 9, Blg. 1 | 2024
Unang Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED:ISO 9001 I ISO 14001 I ISO 45001

**Tomo 9, Blg. 1 | 2024**
Pang-apat na Isyu
**Oktubre-Disyembre**

## PATNUGUTAN

**Patnugot** ROWENA S. GALANG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE C. CANUTE, SUNSHINE T. SABIDALAS, MAXIMO A. PERALTA JR., RODOLFO VALDEZ JR.
**Layout at Ilustrasyon** REI-MAR D. AGUINALDO
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, TERESE ANN E. PARERO
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD


# MGA NILALAMAN


**3** Serbisyong Angeles, One of the Best!

**4** 'Love is sweeter' dahil sa kalabaw

**8** Sikreto ng isang tunay na kampeon

**10** Tatay Rodel, haligi ng matatag na kalabawan

**16** 'Pangarap ko lang noon, tagumpay ko ngayon'

**18** Munting pangarap ng isang binatang carapreneur




Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.



**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0731•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•Mobile No.: (+63) 919.224.9062 •Email: pcc-mmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pcc-csu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pcc-dmmmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pcc-clsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Email: pcc-uplb@pcc.gov.ph **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Mobile No.: (+63) 908.895.2461 •Email: pcc-vsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pcc-wvsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcc-lcsf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pcc-usf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668 | (+63) 935.387.9652 •Email: pcc-mlpc@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pcc-cmu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: pcc-usm@pcc.gov.ph


**PALIWANAG SA PABALAT**

Kahanga-hanga ang ipinamamalas na husay ni Miccaela Alfonso, 28, sa larangan ng pagkakalabawan. Siya ang punong-abala mula sa paggagatas hanggang sa pagkuha ng damong pakain para sa 11 kalabaw na kanilang inaalagaan. Katulad ng bulong itinataguyod niyang palakihin, pinalaki rin si Micca na mulat sa negosyong pagkakalabawan—ang iniwang legasiya ng kanyang amang si Miguel.

(LARAWANG KUHA NI **REI-MAR AGUINALDO**)



# Serbisyong Angeles, ONE OF THE BEST!

NI **CAMILLA SOLIMAN**
MGA LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**

Tinaguriang pambansang hayop ng Pilipinas ang kalabaw o water buffalo. Simbolo rin ito ng kalakasan at kasipagan na kadalasang maihahalintulad sa ugali at katangian ng isang mamamayang Pilipino, tulad na lamang ng kinilalang 2023 Outstanding Village-Based Artificial Insemination Technician (VBAIT) na si Edgardo DC. Angeles mula sa bayan ng Floridablanca  sa Pampanga.

**SUNDAN SA PAHINA 16**

Pagsapit ng alas kwatro ng umaga, abala na ang mag-asawang Danny at Katt sa mga gawain sa kanilang kalabawan. Habang nagpapaligo si Danny, inihahanda naman ni Katt ang mga gagamitin sa paggagatas. Pagpatak ng alas singko, nakapwesto na si Danny sa gilid ng kalabaw habang nakaupo naman sa kabilang gilid si Katt para sabay nilang gatasan ang alaga.

Ganito ang karaniwang tagpo sa kalabawan ng pamilya Peralta na matatagpuan sa barangay Porais, San Jose City, Nueva Ecija. Magkaagapay silang dalawa sa lahat ng gawain maging sa pagsasakate at pagpapakain hanggang sa pagdedeliver ng gatas.

Patunay ang mag-asawang Danilo "Danny" Peralta Jr., 41, at Ma. Kattleya "Katt", 47, na "two are better than one" pagdating sa pag-aalaga ng kalabaw. Hindi nila alintana ang hirap at pagod dahil magkatuwang nilang ginagampanan ang lahat ng tungkulin sa kalabawan.

"Blessed ako at nagpapasalamat na masipag 'yong asawa ko at supportive. Magaling din siyang maggatas ng kalabaw, iba 'yong pagpiga niya, marami siyang nakukuha," pagmamalaki ni Danny.

Sa katunayan, "quality time" at "family bonding" kung ituring ng mag-asawa ang mga panahong iginugugol nila sa pag-aalaga. Maliban sa kanilang dalawa, nakatutulong din nila ang kanilang mga anak na sina Rainiel, 17, at Danica Lei, 15, sa mga gawain sa tuwing walang pasok ang mga ito.

SUNDAN SA PAHINA 6





**Aba! Totoo palang may pera sa paggagatas ng kalabaw. Papiga-piga ka lang may pera ka na. Lalo na pala kapag maraming ginagatasan kaya nagpursige kami na paramihin 'yong kalabaw**

# love is sweeter dahil sa kalabaw

NI **MA. CECILIA IRANG MARIANO**



9th National Carabao Conference Champion,Crossbred-Senior Cow

MULA SA PAHINA 4

“Araw-araw magkasama kami sa kahit anong gawain, mas tumibay ’yong pagsasama namin. Kung ano’ng ginagawa niya, ginagawa ko rin. Ang lungkot at ang bigat ng trabaho kapag mag-isa ka lang. Nakakokonsensya rin na makitang nahihirapan ’yong asawa ko habang ako walang ginagawa,” paglalahad ni Katt.

Nagsimula sa dalawang kalabaw, 12 na ngayon ang inaalagaan ng mag-asawa. Dalawa rito ang ginagatasan habang tatlo ang kasalukuyang buntis. Karaniwan silang nakakokolekta ng 8 litrong gatas na binibili sa kanila sa halagang PHP80 kada litro ng Simula ng Panibagong Bukas Multipurpose Cooperative (SiPBu MPC), kung saan sila kasapi.

Kwento ng mag-asawa, lubusan nilang naranasan ang biyayang hatid ng pagkakalabaw simula noong 2021. Umabot sa PHP48,000 ang kabuuang kita nila noon kada buwan dahil sa limang kalabaw na ginagatasan. Noong 2022, nakapagtala naman sila ng 5,520.73 kilo na aning gatas na nagkakahalaga ng PHP432,000.

Dahil sa ipinamamalas na husay sa pag-aalaga ng kalabaw at pagtutulungan ng pamilya, hinirang si Danny bilang 2022 Outstanding Dairy Buffalo Farmer sa kategoryang Family Module ng DA-PCC sa pagdiriwang ng 9th National Carabao Conference na ginanap sa Cebu City. Nominado rin si Katt sa Huwarang Juana sa Kalabawan.

“Hindi ko alam na makakasali ako doon at mananalo kasi noong 2017 lang kami nag-alaga ng kalabaw. Kahit bago kami, naranasan namin ’yon tapos sa Cebu pa,” nakangiting sambit ni Danny. “Masayang masaya kami kasi ’yong ganoong experience, hindi mababayaran ng pera,” dugtong ni Katt.

Bukod sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, hindi problema ni Danny ang pagpapalahi ng kanilang mga alaga dahil sa kanyang pagiging village-based artificial insemination technician (VBAIT) at nakatutulong din siya sa iba pang kasapi ng kooperatiba na nangangailangan ng serbisyo ng AI technician. Kumikita naman siya ng PHP1,000 kada AI service basta mabuntis ang kalabaw ng mga myembro.

Maliban sa pagiging VBAIT, aktibo rin si Danny sa pagganap ng iba’t ibang responsibilidad niya sa kooperatiba gaya ng pagiging secretary ng audit committee, pagdadala ng gatas ng koop sa planta ng DA-PCC, at pagiging member ng Participatory Monitoring and Evaluation team, na kung saan ilan sa mga gampanin niya ay ang pagmomonitor, pagpupurga, pagbabakuna, at pagbibigay ng bitamina sa mga kalabaw ng mga myembro.

Anila, bago sila sumubok sa pagkakalabawan ay dati silang Overseas Filipino Workers sa Korea. Nagkakilala sila sa isang training na isinagawa ng Philippine Overseas Employment Administration papuntang Korea. Naunang bumalik ng bansa si Katt habang naiwan naman si Danny upang patuloy na kumayod para sa kanilang pamilya pero umuwi rin sa bansa makalipas ang ilang taon.

Ipinambili nila ng tricycle ang naipon nilang pera upang gamiting pampasada. Ito ang naging pangunahing pinagkakakitaan nila noon na ang kinikita ay pinagkakasya lang nila hanggang sa maisipan nilang ibenta ang lote na naipundar nila para pandagdag bayad sa mga gastusin.

“Blessing in disguise” kung ituring ng mag-asawa ang naging dahilan sa pagsuong nila sa pagkakalabaw dahil ang SiPBu MPC ang nakabili ng lote nila at noo’y nagrerecruit ng mga myembro–isang hindi inaasahang pangyayari na tuluyang bumago sa estado ng pamumuhay ng pamilya Peralta.

Labis pa ang kaligayahang nadama ng mag-asawa nang malasap ang unang sweldo nila sa paggagatas.

“Aba! Totoo palang may pera sa paggagatas ng

kalabaw. Papiga-piga ka lang may pera ka na. Lalo na pala kapag maraming ginagatasan kaya nagpursige kami na paramihin 'yong kalabaw," masayang wika ni Danny.

Sa kasalukuyan, ang kinikita ng kanilang dairy farm at pagiging VBAIT ay sumasapat na, kung minsan ay sumusobra pa sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at hindi na kailangan pang mangibang bansa. Hindi na sila kinakapos bagkus ay unti-unti nang nakaaahon sa hirap ng buhay. Naging posible, anila, ang tagumpay sa gawaing ito dahil naging sandigan nila ang isa't isa.

Walang bukambibig ang mag-asawa kundi pasasalamat sa Panginoon, sa kooperatiba, at sa DA-PCC, na naging daan upang maranasan nila ang ginhawang hatid ng pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Kaya ganoon na lamang ang tuwa nila nang bigkasing: "Gatas is life. Ito na ang bumubuhay sa amin."

**PHP432,000**
**kabuuang kita sa gatas noong 2022**

**5,520.73 kilo**
**na aning gatas ang naitala noong 2022**



# SIKRETO NG ISANG TUNAY NA kampeon

NI **RONALINE CANUTE**



9th National Carabao Conference Champion,Crossbred-Senior Cow

8th National Carabao Conference Outstanding Bull Recipient

8th National Carabao Conference Champion, Best Dairy Crossbred-Junior Cow

> **No one is born to be a champion. It can only be earned.**

Bahagi lamang ito ng pahayag ni Pau Rabil, isang sikat na American sports executive at retired professional lacrosse player kung sino at ano ang katangian ng isang tunay na kampeon.

Taong 2006, inilathala ni Rabil ang kanyang librong may pamagat na "The Way of the Champion." Laman ng librong ito ang mga naging karanasan ni Rabil bago siya nakilala bilang isa sa 'greatest lacrosse player of all time' sa kanyang bansa. Ipinauunawa niya sa mga mambabasa kung paano maging matapang at magkaroon ng tamang disiplina upang maging isang tunay na kampeon.

Mula sa kapatagan ng Badoc, Ilocos Norte, isang Ilokano ang dalawang beses na tumuntong sa national stage.

## CARANASANG 'DI PANGCARANIWAN

Nasa 30 minuto na ang nakalilipas nang lumipad ang eroplanong sinasakyan ni Rhommel. Tumingin siya sa labas ng bintana at pinagmasdan ang mga ulap. Parang kailan lang noong nakatingala siya sa langit at pinagmamasdan ang mga eroplano mula sa kanyang kalabawan. Ngayon, siya na mismo ang nasa eroplano at kasama pa ang kanyang misis na pupuntang Cebu upang dumalo sa pagdiriwang ng 9th National Carabao Conference.

Sa loob-loob ni Rhommel, naniniwala siya na ang mga magagandang karanasan ay produkto ng pagsisikap.

"Sa pag-aalaga pala ng kalabaw ako makararanas ng mga biyaya na hindi ko inakalang makakamit ko," saad ni Rhommel.

Si Rhommel ay dating magsasaka ng tabako at palay. Nguni't para sa kanya ay hindi ito naging sapat dahil sa mababang presyo at ang kumikita ay mga middleman at buyer. Pero likas kay Rhommel ang pagiging isang madiskarteng ama dahil nag-aalaga siya ng kambing at manok para may ibebenta habang hinihintay ang panahon ng anihan.

"Napinpintas ti dairy (mas maganda ang dairy) dahil kita dito ay daily," pagpapatunay niya.

Nagsimulang mag-alaga si Rhommel ng kalabaw na native noong 2011. Taong 2017, nang maipakilala sa kanilang bayan ang programang AI.

Ayon sa kanya, sa simula ay hindi pa buo ang kanyang pasya na sumubok ng AI pero 'di naglaon ay nakumbinse rin siya dahil hindi siya tinantanan ng AI technician ng DA-PCC sa MMSU.

Noong 2021, tuluyang naranasan ni Rhommel na gumatas ng mas marami kaysa sa kanyang inaasahan.

Sa tulong ng DA-PCC sa MMSU at sa pagsisikap ni Rhommel at ng kanyang pamilya, kumita siya ng humigit sa PHP60,000 noong 2021.

"Tuluy-tuloy na akong nakapagbibigay ng allowance sa mga anak kong nag-aaral. 'Yung natanggap kong cash prize noong NCC na PHP55,000 ay ipinambili ko ng tricycle at motor," pagbabahagi ni Rhommel.

Sa kasalukuyan, si Rhommel ang nag-iisang magkakalabaw na naggagatas sa Badoc. Isa sa kanyang pangarap ang makatulong upang maparami ang bilang ng mga maggagatas sa kanilang lugar.

## FORMULA NG ISANG KAMPEON NA MAGKAKALABAW

"Mahusay na pagpapakain!"

Ito, ayon kay Rhommel ang dahilan kung bakit dalawang beses niyang nakamit ang championship title sa pinakamahuhusay na kalabaw sa NCC.

Ang kanyang mga kalabaw ay taun-taon kung manganak at consistent din ito sa pagbibigay ng maraming gatas.

Ayon sa Dairy Buffalo Production Handbook, mayroong anim na mahalang nutrients na kailangang pagtuunan sa pag-aalaga ng buffalo: carbohydrates, protein, fats, minerals, bitamina, at tubig.

Ang mga karaniwang pinagmumulan ng mga nutrients na ito ay sa silage, legume hay, damo, crop residues, molassess, soybean, concentrates, urea, at marami pang iba.

Sa karanasan ni Rhommel, ang pagpapakain niya ng ipil-ipil at gabi ang nakatulong sa kanyang mga alaga na magkaroon ng magandang pangangatawan at mataas na produksyon ng gatas.

Kung bubuklatin ni Rhommel at babalikan ang mga nakaraang pahina ng kanyang naging paglalakbay sa pagkakalabaw, hindi maitatangging ang unang hakbang upang maging isang kampeon ay ang sumubok nang walang pag-aalinlangan. Ⓚ

**60,000**

**kabuuang kita sa gatas noong 2021**

# Tatay Rodel

## HALIGI NG MATATAG NA KALABAWAN

NI **RODOLFO VALDEZ JR.**

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga tatay gaya ni Rodel Estañol, 50, ng Surallah, South Cotabato, sa bawa't pamilya. Bilang haligi ng tahanan, sila ang madalas pumapasan sa responsibilidad na itaguyod ang pamilya at ibigay dito ang panatag na pamumuhay. alas singko, nakapwesto na si Danny sa gilid ng kalabaw habang nakaupo naman sa kabilang gilid si Katt para sabay nilang gatasan ang alaga.

Maagang naulila sa ama si Tatay Rodel. Bata pa lang ay katuwang na siya ng kanyang ina sa pagtatrabaho sa bukid para matugunan ang pangangailangan ng kanyang 10 kapatid. Hanggang sa magkaroon na rin ng sariling pamilya ay kaakibat pa rin si Rodel sa mga gawain sa kanilang bukid. Likas sa kanya ang pagtitiyaga at pagsasakripisyo mabigay lamang sa pamilya ang mga pangangailangan nito.

Marami nang nasubukang trabaho si Rodel pero sa pagkakalabawan siya nakatagpo ng kaginhawaan ng buhay.  Simula noong 2016, inalagaan ng pamilya ni Rodel ang mga purebred na kalabaw na ipinagkaloob sa kanila ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao sa ilalim ng Dairy Family Module.

"Sabi nga ng iba 'tender love and care' dapat kung mag-alaga. Hindi lang mga nanay ang magaling mag-aruga, kaya rin naming mga tatay ang magbigay ng magiliw na pagmamahal at pag-aalaga," saad ni Rodel.

Maagang gumigising si tatay Rodel upang paghandaan ang pang araw-araw na gawaing pagkakalabawan. Kasama ang kanyang mga anak, kumukuha sila ng mga damong pakain, naghahanda ng gatasang kalabaw, at nangongolekta ng gatas.

"Malambing ang aking asawa sa aming mga alagang kalabaw. Araw-araw niya nga itong kasamang naliligo sa ilog", pabirong kwento ni Loida, asawa ni Rodel. Dagdag pa niya, "Lahat ay ginagawa niya para sa aming mga anak.  Ngayon, tinutuuran niya ang kanyang mga anak sa pag-aalaga dahil alam naming malaking biyaya ang mga kalabaw sa pamilya namin".

Labis ang galak na nararamdaman ng pamilya tuwing may gatas na naibibigay ang kanilang mga alaga. Para sa kanila, ito ang simbolo ng pagbuhos ng biyaya sa kanilang buhay.

Isa ang kalabaw na si "Bujit" o 2UMC19034 sa nagbibigay ng saya sa pamilya Estañol. Sa edad nitong limang taon ay nakapagbigay na ito ng dalawang anak sa kanila. Sa katunayan, 10.69 na litrong gatas kada araw noong 2021 ang nakukuha nila rito dahilan upang maitanghal itong Best Dairy Buffalo-Purebred-Junior Cow Category 2nd runner up.

Taong 2023 nang manganak ulit si Bujit at magbigay ng 15 litrong gatas kada araw. Sa katunayan, naitanghal ang kalabaw na si Bujit bilang Best Dairy Animal Purebred-Senior Cow Category sa 9th National Carabao Conference na ginanap sa Pinamungajan, Cebu noong Oktubre 16-17, 2023.

Ang pamilya Estañol ang patunay na kapag tama ang pag-aalaga at pamamahala sa alagang kalabaw, magbubunga ito ng mataas na produksyon ng gatas at maginhawang pamumuhay. K

**10.69 L**

gatas na nakukuha kada araw kay Bujit noong 2021

**15 L**

gatas na nakukuha kada araw kay Bujit noong 2021




# RODEL AMPONIA


# BUJIT

8th National Carabao Conference Champion,Best Dairy Crossbred-Junior Cow

“Mabuti na lang dumating sa buhay ko si Bujit at iba ko pang alagang buffalo. Doon nagsimulang magbago ang pamumuhay ng aming pamilya. Nakakaluwag na kami sa buhay, naibibigay ko na sa mga anak ko ang kanilang gustong bilhin at higit sa lahat, sa awa ng Maykapal, ay masaya ang aming buong pamilya

# PANGARAP KO LANG NOON, Tagumpay KO NA NGAYON’

NI **SUNSHINE SABIDALAS**





**Madaling araw pa lang ay nagsisimula na ang araw ni Gabriel Modina, 76, ng Pangasugan, Baybay, Leyte upang paliguan at pakainin ang kanyang mga alagang kalabaw. Pagkatapos nito ay aakayin niya ang mga alaga sa pastulan upang makapagpahinga.**

Mag-isang kumakayod si Gabriel para sa kanyang pamilya, hiwalay sa asawa at ulirang ama at lolo sa anak at mga apo. Marami mang pagsubok na dumaan sa kanyang buhay, hindi ito naging hadlang upang magampanan ang kanyang responsibilidad bilang padre de pamilya.

Kwento ni Gabriel, simula pagkabata ay nakagisnan na niya ang pagsasaka at pag-aararo katuwang ang kalabaw. Malaki ang ginagampanan ng hayop sa kanilang pagsasaka kaya naman maingat nilang inaalagaan ang mga ito sa araw-araw.

Hinangad din ni Gabriel na mag-alaga ng sarili niyang kalabaw balang araw kaya noong malaman ang programa ng DA-Philippine Carabao Center sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU), hindi ito nag-atubiling bumisita sa tanggapan para madagdagan ang kaalaman sa wastong pangangalaga ng kalabaw.

Noon lang nalaman ni Gabriel na hindi lang pala pang-araro ang kalabaw kundi pwede rin palang gatasan ang mga ito. Dahil dito, mas lalong naengganyo si Gabriel sa industriya ng pagkakalabaw. Ika nga ni Gabriel: "hindi masamang magtanong dahil sa paraang ito mas marami kang matututunan at mas lalawak ang 'yong kaalaman tungkol sa mga bagay."

Kwento niya, dating nagkaroon ng mastitis ang kanyang kalabaw, na noo'y hindi niya alam kung ano ang dapat gawin. Nagtanong, aniya, siya sa mga kaibigan na nag-aalaga rin ng kalabaw nguni't hindi rin siya nabigyan ng sapat na kasagutan. Nagpasya nang magtungo si Gabriel sa DA-PCC sa VSU, dito'y natugunan agad ang kanyang problema at tinuruan din siya kung ano ang mga dapat gawin







at iwasan upang hindi na muling tamaan ng mastitis ang kanyang kalabaw.

Mula noon, sinimulan ni Gabriel na magparami ng alagang kalabaw sa pamamagitan ng artificial insemination. Noong 2011, naging miyembro na rin siya ng Baybay Dairy Cooperative, isa sa mga inaasistehang kooperatiba ng DA-PCC sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU). Isa si Gabriel sa mga napahiraman ng gatasang kalabaw ng DA-PCC.

Nang maggatas na ang kanyang mga purebred na kalabaw, ang mga nakokolektang gatas ay ibinebenta sa kanilang kooperatiba.

"Napakalaking tulong po ang pag-aalaga ko ng gatasang kalabaw lalong-lalo na sa pag-aaral ng aking dalawang apo sa

# Pangarap...



> **Napakalaking tulong po ang pag-aalaga ko ng gatasang kalabaw lalong-lalo na sa pag-aaral ng aking dalawang apo sa kolehiyo at sa pang araw-araw naming pangangailangan.**

MULA SA PAHINA 6

kolehiyo at sa pang araw-araw naming pangangailangan. Dito rin nanggagaling ang pambili ng fertilizer para sa aking palayan. Kung magsusumikap lang ang isang magsasaka na mag-alaga ng gatasang kalabaw, malaki talaga ang kitang makukuha mula rito," ani Gabriel.

Dahil sa ipinamalas na kasipagan at determinasyon ni Gabriel sa pag-aalaga ng kanyang mga kalabaw ay umaani siya noon ng siyam na litrong gatas sa isang araw. Nasubukan pa niyang kumita ng PHP15,680 hanggang PHP17,640 sa loob ng isang buwan.

Pinagtuunan niya ng pansin ang pagpapataas ng produksyon ng gatas ng kanyang alaga habang pinapanatili ang magandang kalidad nito. Sinisiguro rin niya na maayos ang kalusugan ng kanyang mga kalabaw. Ang kanyang alagang kalabaw na si 2LSC19003 ay nakapagbigay ng 1,855.22 litrong gatas sa loob ng isang lactation period noong 2022, dahilan para makamit nito ang parangal na "Best Dairy Animal Purebred Junior Cow" mula sa DA-PCC sa ginanap na National Carabao Conference (NCC) noong 2023 sa Lamac, Pinamungajan, Cebu.

Dahil sa maayos na pangangasiwa sa kinikita, nakapagpaayos siya ng bahay, nakabili ng bisikletang gamit sa pagdedeliver ng gatas at nakapagpagawa ng milking parlor para sa kanyang mga alaga.

**PHP15,680-PHP17,640**
**pinakamalaking kinita sa loob ng isang buwan**

**1,855.22 L**
**kabuuang produksyon ng gatas sa isang lactation period noong 2022**

MULA SA PAHINA 3




Dahil sa angking sipag at husay nitong mag-AI, nakatanggap at kinilala siya bilang isa sa mga mahuhusay na AI technicians sa buong Pilipinas.

Bago maging ganap na AI technician si Edgardo, pinasok rin niya ang iba't ibang klase ng trabaho. Taong 1990 nang naging empleyado siya sa sektor ng gobyerno at 'di nagtagal ay nakipagsapalaran din siya bilang isang Overseas Filipino Worker. Kalaunan, mas pinili niyang umuwi na lamang sa Pilipinas kung saan nakilala niya ang kanyang maybahay na si Julie Angeles. Sa pagtutulungan nilang mag-asawa ay sumubok rin sila ng kambing at gulayan bilang negosyo. Taong 2011 naman nang ganap na magsanay bilang VBAIT si Edgardo at ditto niya nakita na maaari palang pagkakitaan ang pag-a-AI at sapat ang kita para sa kanilang pang araw-araw na gastusin.

Aminado naman si Edgardo na may mga pagsubok din siyang kinaharap sa pagsasagawa ng AI, kabilang na rito ang mga kalabaw na mahirap buntisin. Nguni't madalang naman ito aniyang mangyari. Dagdag pa niya, may mga pagkakataon din na hindi siya pinagkakatiwalaan ng kanyang mga kababayan sa pagsasagawa ng AI at kung minsan pa ay hindi rin siya nababayaran. Noong hindi pa kilala ang pangalan ni Edgardo sa larangan ng AI, isang kalabaw lang ang kanyang nasisimilyahan sa loob ng isang buwan. Sa kabila nito, nanatiling positibo si Edgardo sa buhay at mas pinili pa ring makatulong lalo na sa mga nangangailangan ng kanyang serbisyo.

Kumikita siya ngayon ng PHP500 kada AI. Aniya, nagkaroon din siya ng mga alinlangan noon kung paano niya itataguyod ang kanyang pamilya sa trabahong tinahak niya dahil sa kakarampot na kita niya noong nagsisimula pa lang siya.

**502**
**AI services na naisagawa noong 2021**

**403**
**calves born o bulong naipanganak noong 2022**

# SERBISYONG ANGELES...

**Kung wala 'yong DA-PCC sa CLSU 'di ko mapag-aaral ang aking mga anak. Dahil sa trabahong ito, gumanda ang buhay ko at nakatutulong pa ako sa aking mga kababayan**

Noong una ay isang AI service lang kada buwan ang nagagawa ni Edgardo, dahilan para kwestyunin niya kung makabubuhay nga ba ng pamilya ang trabahong ito.

Gayunpaman, hindi niya sinukuan ang gawaing ito sa halip ay nagtiyaga siya at nagpursige na makilala ang kalidad ng kanyang serbisyo. Hindi nagtagal, nagbunga na nga ang pagpapagal ni Edgardo. Makalipas ang halos dalawang taon, dumami na ang mga magsasakang sumasangguni sa kanya at unti-unti na siyang nakilala sa larangan ng AI sa Floridablanca. Lalo siyang nagsikap na mapalago ang serbisyo niya bilang AI technician. Nasa PHP800 na rin ang singil niya kada AI kasama na rin dito ang deworming at castration. Nakararating na rin siya sa mga karatig probinsiya upang magserbisyo gaya ng Zambales at Bataan.

Noong 2021, nasa kabuuang 502 ang AI services na nagawa ni Edgardo, 403 ang naipanganak dito o 80.27% calf drop sa taong 2022. Dahil sa kinikita niya sa pagiging AI technician, naipaayos na nina Edgardo ang kanilang bahay na dati ay gawang sawali o kugon lamang. Umabot na rin, aniya, ng PHP13,000 ang pinakamataas na kita niya sa isang araw na ni minsan ay hindi niya inakalang mangyayari sa buhay niya. Ngayon, halos 12 kalabaw na ang sinisimilyahan ni Edgardo sa loob lang ng isang araw.

Itinuturing din ni Edgardo na bahagi ng kanyang tagumpay ang bayaw niyang si Edward Manuson, na nagwagi rin bilang Outstanding VBAIT noong 2010. Si Edward din ang nagpakilala kay Edgardo sa DA- Philippine Carabao Center at nagrekomenda na magsanay bilang VBAIT. Naging inspirasyon din si Edgardo ng isa sa kanyang mga anak na sumunod sa kanyang yapak at nagsanay na rin bilang isang AI technician nang makapagtapos ng high school.

Pasasalamat naman ang mensahe ni Edgardo para sa DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) dahil sa suporta nitong kabuhayan na naging dahilan para matustusan ang pag-aaral ng kanyang mga anak.

"Kung wala 'yong DA-PCC sa CLSU 'di ko mapag-aaral ang aking mga anak. Dahil sa trabahong ito, gumanda ang buhay ko at nakatutulong pa ako sa aking mga kababayan," aniya.

Ayon kay Edgardo, ang pagiging AI technician ang pinakamagandang nangyari sa buhay niya. Bagama't maraming pagsubok, alam niyang hindi siya magsasawang magbigay ng teknikal na serbisyo para sa mga hayop. Pinatunayan ni Edgardo na kung sasamahan ng sipag at tiyaga ang trabaho ay tiyak may kapupulutan itong magandang bunga.

# Munting pangarap
## NG ISANG BATANG CARAPRENEUR

NI **MAXIMO PERALTA JR.**

> **"Maganda ang pag-aalaga ng kalabaw. May katuwang ka na sa bukid, may kita ka pa sa araw-araw kapag nanganak na."**

Ito ang maagang natutunan ni Arvin Reden Sabado, 19, ng Naguilian, La Union, na sa murang edad ay sinuong ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Kung ang karaniwang kabataan ay ginugugol ang oras sa pagcecellphone, sa mobile games man o sa social media sites, ibang-iba naman ang pinagkakaabalahan ni Arvin.

"Dahil sa pagkakalabaw ay hindi ako nalulong sa online games kundi nalibang ako sa pag-aalaga nito noong kasagsagan ng pandemia," ani Arvin na unang sumubok sa pagkakalabawan noong taong laganap ang COVID-19.

Ayon sa Department of Agriculture, ang average na edad ng mga magsasaka sa Pilipinas ay nasa 49 hanggang 50 taong gulang kumpara sa dating 57. Patunay ang pagbata ng karaniwang edad ng mga magsasaka na may natatanaw nang oportunidad ang mga kabataan sa ganitong kabuhayan.

Namulat si Arvin sa bukid dahil pagsasaka ang tanging hanapbuhay ng kanilang pamilya. Bukod sa pagtatanim ng mais at palay, may alaga rin silang mga hayop gaya ng kambing, manok, at pato. Tumutulong siya sa mga gawaing bukid kung kaya't bata pa lamang ay nahilig na siya sa pag-aalaga ng mga hayop. Sa apat na magkakapatid, siya lang ang napamahal sa pagbubukid.

Naging modelo niya sa pag-aalaga ng kalabaw sina Jayson Albay ng Rosario, La Union; mag-amang Frederick at Renato dela Cruz ng Naguilian, La Union; at Richard Reyes ng Bacolor, Pampanga. Naging inspirasyon ni Arvin ang mga nabanggit dahil sa kanilang husay sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

### NAGSIMULA SA PATABAING ALAGA

bing apat na taong gulang si Arvin noong siya ay magsimulang mag-alaga ng kalabaw. Taong 2020, kasagsagan ng pandemya, nang makita ng DA-PCC at Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC at DMMMSU) at Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang oportunidad na ipakilala sa mga kabataan ang mga programang pang-agri-enterpreneurship.

Isa si Arvin sa pitong mag-aaral na napili at nabigyan ng patabaing kalabaw. Sa kanyang pagsisimula, naging katuwang niya ang mga magulang sa pag-aalaga. Bukod dito, naging mentor niya si Frederick dela Cruz, isa sa mga matagumpay na nag-aalaga ng kalabaw sa kanilang bayan.

"Noong una, wala talaga akong hilig sa pag-aalaga ng kalabaw pero noong nakilala ko si Tiyo Frederick dela Cruz ay dun na ako nahilig at sa kanya na rin ako natuto kung papaano mag-alaga ng gatasang kalabaw," pagkukuwento ni Arvin.

Sa katunayan, ang mag-amang sina Frederick at Renato dela Cruz ang nag-udyok sa kanya na mag-request ng mga dalagang kalabaw.

### ANG PAGKAKALABAW AY NEGOSYO

Sa pitong mag-aaral na nabigyan ng patabaing kalabaw, si Arvin lang ang natira at nagpatuloy sa dairy buffalo production. Nakita niya na may negosyo sa paggagatas kung kaya't hindi siya nagdalawang-isip na magrequest ng babaeng kalabaw.

Pinaunlakan ni DA-PCC at DMMMSU Center Director Vilma C. Gagni ng PCC at DMMMSU ang kahilingan ni Arvin ng isang babaeng kalabaw noong 2020 na nadagdagan ng tatlo pa noong nakaraang Hulyo 17.

"Nagustuhan ko po ang pagkakalabaw dahil nakita ko sa Naguilian na araw-araw ay may gumagatas. Doon po ako nagpursigi na madagdagan pa ang aking kaalaman sa pag-aalaga ng kalabaw," ani Arvin.

Sobra ang pagkasabik ng binatilyo dahil isa sa kanyang mga kalabaw ang manganganak na sa Enero sa susunod na taon at sa wakas malapit na rin siyang magpagatas ng kalabaw. Siya ang magiging kauna-unahang kabatang carapreneur na sasabak sa ganitong pagnenegosyo sa lahat ng nasasakupan ng PCC at DMMMSU.

### PAGHATI NG WASTO SA ORAS

Bilang isang kabataan na handa sa anumang pagsubok, kayang-kaya nang tumayo ni Arvin sa sariling mga paa kung pag-aalaga rin lang ng kalabaw ang pag-uusapan.

Siya mismo ang namamahala sa kanyang mga alaga kahit na siya ay kasalukuyang nasa Grade 12 pa lamang at kumukuha ng Technical-Vocational-Livelihood (TVL) strand sa Naguilian Senior High School.

Hindi naman naaapektuhan ang kanyang pag-aral dahil planado na ang kanyang iskedyul. Aniya, gumigising siya ng alas tres ng madaling araw. Madilim at mahimbing pang natutulog ang kanyang kapaligiran ay abala na siya sa pagpapakain sa kanyang mga alaga at sa hapon naman, pagkatapos ng klase, ay uuwi siya kaagad para asikasuhin ang mga ito.

Tuwing Sabado at Linggo naman siya kumukuha, nag-iimbak, at naghahanda ng ipapakain sa kanyang mga kalabaw. Sa ganitong paraan, hindi siya kukulangin at magkakaproblema sa pagpapakain kahit sa panahon ng tagtuyot.

Ang salitang pagod ay wala sa bokabularyo ng binata. Mas lalo pa ngang napapawi ang kanyang pagod at lalo pa siyang ginaganahan kapag nakikita ang mga alagang kalabaw. Sabi nga ng mga nakakikita sa kanya, iba talaga ang nagagawa ng binatang pursigido at desidido sa daang tinatahak.

Dahil sa likas na pagkahilig sa mga hayop maging noong siya'y bata pa, Veterinary Medicine ang kursong nais kuhanin ni Arvin sa kolehiyo.

"Gusto ko ring matulungan ang mga ibang magsasaka na walang sapat na pambayad sa pagpapagamot ng kanilang mga hayop," dagdag pa ni Arvin.

Sa mundong teknolohiya na ang bumubuhay sa mga kabataan, may mga katangi-tanging kabataan pa rin na gustong ipagpatuloy na buhayin ang industriya ng agrikultura.

Sa nalalapit na panganganak ng kanyang mga alagang kalabaw, nasasabik na si Arvin na gumatas at isabuhay ang islogan na "Sa dairy, ang kita ay daily!" Ito mismo ang mga katagang hanggang ngayo'y nakatatak sa kanyang isip at sa nalalapit na hinaharap, dahil sa kanyang pagpupursigi, ay kanya ring mararanasan. K

**14 TAONG GULANG**
**nagsimulang mag-alaga ng kalabaw**

**4 KALABAW**
**inaalagaan**




19

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool. Makibahagi rin sa buwanang Cara-Aralan webinar Series ng DA-PCC. I-follow ang aming Facebook page para malaman ang schedule ng webinar activities at maaccess ang registration form at Zoom link.

**DA-PCC K-PORTAL**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC VIRTUAL TOUR**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

Ang Cara-Aralan ay libreng online seminar na isinasagawa ng DA-PCC sa pamamagitan ng Zoom meeting. Sakop ng talakayan ang iba't ibang paksa tungkol sa pagkakalabawan kabilang na ang reproduction, feed and nutrition, animal health, forage production, dairy production, processing and marketing, at cooperative development.

CARA ARALAN Webinar Series




### BULL ENTRUSTMENT PROGRAM

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

### TRAINING AND TECHNICAL ASSISTANCE

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

### COMMUNITY DEVELOPMENT

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

### FROZEN BUFFALO SEMEN DISTRIBUTION

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the DA-PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

### PRODUCTION AND DISTRIBUTION OF QUALITY BREEDING STOCKS

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

### LABORATORY SERVICES

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

### ARTIFICIAL INSEMINATION (AI)

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and DA-PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.